

1

December 16...

Gumising nang alas tres ng madaling-araw si Karen upang makadalo ng simbang gabi sa *Our Lady of Mt. Carmel Parish* na mas kilala sa pangalang *Barasoain Church*. Kahit na inaantok pa, pinilit niyang makabangon sa kama. Hindi siya nagpatalo sa lamig ng simoy ng hangin na pilit siyang hinahalina na bumalik na lamang sa pagkakahimbing. She did some stretching upang mabuhay ang dugo niya at mawala ang antok.

Buti na lamang at may heater ang shower. Naligo siya, nagsipilyo, at nagbihis. Hindi na siya nag-abala pang gisingin ang kuya niya upang samahan siyang magsimba. Alam niyang tamad itong magsimbang gabi. Ang mga magulang naman niya ay dumalo na ng anticipated mass nang nakaraang gabi. Matapos mag-ayos ng sarili at magsuot ng sweater, tumulak na siya patungo ng simbahan.

Lumuwas silang mag-anak sa Malolos mula sa Cavite dahil inatake sa puso ang lola niya. The doctors found out that her grandmother was suffering from some form of degenerative heart disease. Humihina

na ang puso nito at kapag naglaon, titigil ito sa pagtibok at maaaring mamatay ang kanyang abuela. Buong kamag-anakan nila ay nagtungo sa ancestral house na iyon ng kanyang Lola Agueda dahil sa malalang kalagayan nito.

First time ni Karen na mapagawi sa Malolos. Ngayon lang sila nakadalaw na pamilya sa kanyang lola dahil galit dito ang ama niya. Tutol kasi noon si Lola Agueda sa relasyon ng kanyang Tatay Willie at Nanay Deborah. Nagrebelde ang kanyang ama at nagtanan ito kasama ang kanyang ina at nanirahan sa Cavite hanggang sa roon na rin magkapamilya ang dalawa.

Mula nang magtanan, hindi man lang sumulat o tumawag si Tatay Willie sa ina at sa mga kapatid nito. Ngunit nang mabalitaan nito mula sa kapatid nitong si Joey ang nangyari sa kanyang Lola Agueda, hindi natiis ng kanyang Tatay Willie ang ina nito kaya agad-agad din ay lumuwas sila ng Malolos.

Karen was a college graduating student this semester. BA Sociology ang kursong kinuha niya sa isang kilalang universidad sa Cavite. Mula pa noong bata siya, nakasanayan na niya ang magsimbang gabi. Kinokompleto niya ang siyam na araw dahil naniniwala siya sa kasabihan ng matatanda na matutupad ang

anumang kahilingan kung makompleto ang siyam na araw ng simbang gabi.

Dalawa ang kahilingan niya ngayon sakaling makompleto niyang muli ang simbang gabi ngayong taon: ang maka-graduate bilang *cum laude* at ang paggaling ng kanyang Lola Agueda.

It's a totally new and refreshing simbang gabi experience for her dahil magsisimba siya sa *Barasoain Church* at hindi sa nakasanayan niyang simbahan sa Cavite. Walking distance lamang ang simbahan mula sa bahay ni Lola Agueda. Sa paglalakad niya ay may mangilan-ngilan siyang nakasabay na papunta rin doon.

Nagliliwanag ang buong simbahan. Dinig na dinig ang malakas na pagkalembang ng kampana. Punong-puno ng malalaki at maliliwanag na parol ang harapan ng *Barasoain Church*. There were Christmas lights that accentuated the outline of the church. Kahit ang mga puno sa patio ng simbahan ay nagliliwanag dahil sa mga ilaw na nakakabit sa mga dahon at sanga ng mga ito.

Sa ilalim ng puno ng narra, nagsisipag-ayos na ng kanilang mga puwesto ang mga tindera ng bibingka, puto bumbong, pandesal, kutsinta at inipit na siyang specialty ng Malolos.

Sa facade pa lang, Karen immediately felt the historical ambiance of the church. Nagulat pa siya nang makitang may rebulto ni Emilio Aguinaldo sa patio. Alam niyang naging bahagi ng kasaysayan ng bansa ang simbahang iyon. Dito itinatag ang unang republika ng Pilipinas.

Pumasok siya sa simbahan at namangha sa nakita. The ceiling of the church had floral motifs. Frescoes of angels and saints embellish the walls of the church. The retablo at the altar was painted sky blue and gilded with gold scrolls. May isang malaking belen din sa kanang bahagi ng altar.

Siksikan ang mga tao sa loob ng simbahan. Dagsa ang mga tao ngayong unang araw ng simbang gabi. Nagsimula na ang misa eksaktong alas cuatro ng madaling-araw. Pinilit niyang labanan ang antok upang makapag-concentrate siya sa misa.

Karen feel blessed when the mass ended. Naglalabasan na lahat ng mga nagsipagsimba. Ngunit napansin niya ang isang lalaki na nanatiling nakaupo sa bandang likod na upuan ng simbahan malapit sa main door.

The guy was wearing a long-sleeved shirt with a red scarf around his neck.

Dumaan siya roon para lumabas at nagulat siya nang tawagin siya ng lalaki.

“Miss, p’wede ba kitang matanong saglit?” sabi nito.

Tumango siya.

“Ano’ng tawag doon sa sculpture na nakalagay na iyon sa altar?” tanong nito, sabay turo sa krus na nasa itaas ng rebulto ng *Our Lady of Mt. Carmel*.

Nilingon niya ang krus. Kumunot ang noo niya dahil nagtataka siya kung bakit nagtanong nang ganoon ang lalaki. Madalas namang may krus sa mga simbahan, ngunit bakit hindi nito alam iyon?

Naisip niya na marahil ay hindi Katoliko o di Kristiyano ang kausap. Na kaya lamang ito nagsimbang gabi ay upang may malaman tungkol sa pananampalatayang Katoliko. Marahil hindi rin nito kilala si Hesus at si God. Minabuti niyang ipakilala ang krus sa pamamagitan ng pagbanggit ng tungkol kay Hesus.

“Ayan ang krus. Para sa mga Katoliko, iyan ang simbolo ng pananampalataya dahil sa krus napagtagumpayan ni Hesus ang kamatayan. Pinako si Hesus sa krus at namatay, ngunit nabuhay muli pagkatapos ng tatlong araw,” paliwanag niya.

“Sino naman si Hesus?”

“Si Hesus ang anak ng Diyos Ama. Isinilang Siya sa mundo upang maligtas ang sanlibutan sa kasalanan. Kaya may Christmas ay upang ipagdiwang ang pagsilang ni Hesus sa mundo.”

Napangiti si Karen. It was her first time to talk about faith and religion sa isang tao na sa tingin niya ay di Katoliko. Baka sakaling maakit niya pa ito sa pagiging Katoliko.

“Matanong ko lang sa 'yo.” Siya naman ang umusisa sa lalaki. “Ano ba'ng relihiyon mo?”

“Well... isa akong seminarista,” kaswal nitong tugon.

Nagulat si Karen at hindi kaagad nakapagsalita. “S-seminarista?” nauutal pang ulit niya. “Ibig sabihin, Katoliko ka rin?”

Tumango lang ang estranghero.

“Teka... tama ba 'yung mga pinagsasabi ko tungkol sa krus, kay Hesus, at sa Pasko?” Na-conscious siya bigla at binalikan sa isip ang mga pinagsasabi kanina.

“Tama lahat ng sinabi mo. Ang galing mo ngang magpaliwanag. P'wede ka nang maging misyonera,” puri nito.

“Eh, bakit mo pa ako tinanong ng tungkol sa krus? Mas alam mo pa siguro iyon kesa sa akin.”

Kinuha nito ang isang canvas na noon lang napansin ng dalaga na nakalapag sa luhuran.

“Gusto ko kasing ipinta ang krus na iyan. And I want to see in the cross that I will paint not just an ordinary cross, but also the essence behind the cross... tulad ng sinabi mo na Christmas and salvation. Project ko kasi ito sa painting professor ko sa seminaryo,” paliwanag ng kausap niya.

“Saan ka ba nagseseminaryo?”

“Sa *Immaculate Conception Seminary* sa Guiginto.”

“Matanong ko lang, di ba pag seminarista, nasa loob lang palagi ng seminaryo?”

Umiling ito. “Hindi. Once a month pinapauwi kami sa aming pamilya. Christmas break naman namin ngayon kaya I’m staying dito sa bahay namin sa Malolos.” Pagkatapos ay kinuha nito ang brush at mga pangkulay nito. “Gusto mo ba akong samahan muna? Ipipinta ko ’yung krus ng simbahan. Tingnan mo kung makikita mo ba sa painting ko ang Christmas at salvation,” nakangiting paanyaya nito.

Umupo si Karen sa tabi ng lalaki at pinanood itong magpinta. Habang pinapanood ito, namangha siya sa galing nito sa pagpipinta. From a simple brush stroke, he could create wonders. Noong una, hindi niya maintindihan kung paano makakabuo ng krus na painting ang kanyang katabi dahil parang paiba-iba ito ng brush stroke na parang hindi aakalain na makakabuo ng kahit anong imahe. Ngunit nang tumagal, namangha siya dahil from random brush strokes, nabuo ng lalaki ang krus na kinokopya.

“Tagasaan ka nga pala?” tanong nito sa kanya.

“Bakasyunista lang ako rito. Taga-Cavite talaga ako.”

“So, where are you staying here in Malolos?”

“Sa bahay ng lola ko. Diyan lang sa Paseo del Congreso. May sakit kasi siya, kaya dinalaw namin ng mga magulang at kapatid ko.”

“Sorry to hear that.”

“Ayos lang. Kaya nga ako nagsisimbang gabi para matupad ang hiling kong gumaling na ang lola ko.”

“Hope she’ll get better. Ipagdadasal ko rin ang lola mo,” sinserong saad nito.

“Salamat.”

Natapos na ng estranghero ang painting nito na krus ng *Barasoain Church*.

“Ang ganda!” Karen couldn’t help but exclaim her admiration to his work of art. “You’re a good painter.”

Talaga ngang kahanga-hanga ang painting nito. While looking at the painting of the cross, nadama nga niya ang gusto ring ipadama ng lalaki sa krus na iyon. She could feel the spirit of Christmas and the joy of God’s salvation.

Napangiti ito. “Salamat naman at nagustuhan mo.” Sa pagkagulat niya ay iniabot nito ang painting sa kanya. “You can keep it,” anito.

Nagtaka siya. “Di ba sabi mo project mo ’yan sa seminaryo?”

“Gagawa na lang ulit ako ng bago. Christmas gift ko na iyan sa ’yo.”

Bahagyang sumisikat na ang araw kaya naisipan na nilang lumabas ng simbahan. Hawak na ni Karen ang painting na ibinigay sa kanya ng kausap.

“Salamat nga pala sa painting na bigay mo.” Nginitian niya ito.

“Sige, mauna na ako. Salamat din sa pagsama mo sa akin.”

“It’s my pleasure. Nag-enjoy rin naman akong kasama ka habang pinapanood kang magpinta. At may regalo pa akong magandang painting.”

Karen meant it. She really enjoyed being with this guy. She had to admit that she found this guy handsome and attractive. Kapag ngumingiti ito, kasama ring nangingislap ang mga mata nitong may pagkasingkit. At nakadama siya ng kaunting lungkot ngayong magkakawalay na sila.

Naglalakad na palayo ang lalaki nang tawagin niya ito.

“Sandali!” tawag niya. Lumingon naman ito. “Ang tagal nating magkasama pero hindi man lang natin alam ang pangalan ng isa’t-isa. Ako nga pala si Karen. Ano ba ang pangalan mo?”

Ngumiti ito. “Tingnan mo ’yung signature ko sa painting,” tugon nito.

Tiningnan niya ang painting at nakita ang signature nito sa lower right.

Ang pangalan ng lalaki ay Ezekiel Constantino.

“Pero tawagin mo na lang akong ‘Kiel’,” anito at muling naglakad palayo. Tinatangay pa ng hangin ang scarf na suot nito.

2

December 17...

Makikita ko kaya siyang muli?

Ito ang tanong ni Karen sa sarili habang tinatahak ang daan patungo sa *Barasoain Church* ngayong ikalawang araw ng simbang gabi. Mula nang makilala niya si Kiel, hindi na ito nawaglit sa isipan niya. Nanghihinayang siya dahil ni hindi man lang niya nakuha ang cellphone number nito o barangay na tinitirhan sa Malolos.

Ipinakita niya kay Lola Agueda ang painting na ibinigay ng binata sa kanya. Pagkatingin na pagkatingin pa lang ng lola niya sa painting, ngumiti ito at parang nabuhayan ng loob.

“M-maganda siya, Apo,” komento nito na masayang pinagmamasdan ang hawak na painting habang nakahiga sa kama nito. “Pakiramdam ko, bumabalik ang lakas ko kapag tinitingnan ko ang krus na ito. Ikaw ba... ang nagpinta nito?”

Umiling siya.

“Hindi po, Lola. Bigay po iyan sa akin ng isang

kaibigan na nakilala ko kaninang madaling-araw sa simbang gabi.”

Ngumiti si Lola Agueda. “Dati, bago pumanaw ang lolo mo, parati kaming nagsisimbang gabi. Maligaya akong humaharap sa Diyos kapiling ang taong mahal ko.” Napatingin ito sa malayo na animo’y may sinasariwang alaala.

Nang nagdaang araw lang na-discharge ng ospital ang matanda. Ayon sa mga doktor, bumubuti na ang kalagayan nito kaya pinayagan nang makauwi. Marahil nakatulong ang kanilang pagluwas sa pagbuti ng kalagayan nito. Masyado kasing natuwa si Lola Agueda at muli nitong nasilayan ang bunsong anak na si Willie sa loob ng maraming taong hindi pagkikita. Ngunit may mga doktor at nurses pa rin na pupunta sa bahay upang i-monitor ang kalagayan nito every now and then.

Bigla, bumalik sa kanya ang pansin ng abuela, sabay tanong, “Boyfriend mo ba ang sinasabi mong kaibigan?”

Kung may iniinom lang na tubig si Karen nang mga oras na iyon ay baka nasamid na siya.

“Lola, kaibigan ko lang po. Wala po akong boyfriend.”

“Istriкто ba si Willie?”

Umiling siya. “Hindi naman po istriкто si Tatay. Wala pa lang po talaga akong nakikilalang lalaki na nakatakda kong mahalin.”

“Eh, di h-humiling ka sa Maykapal ngayong Pasko na sana dumating na ang lalaking nakalaan para sa 'yo,” nakangiting tugon nito.

Hindi siya makapaniwala sa narinig. Kahit na may sakit sa puso si Lola Agueda at medyo hrap itong magsalita ay napakasaya pa rin nitong kausap. At ang nakakatuwa pa, ito ang nagbubuyo sa kanya na magkaroon na ng nobyo.

Alam niyang tutol ito noon sa pag-iibigan ng kanyang ama at ina, kaya ang matandang babae ang huling taong inasahan niyang magbibigay ng payo sa kanya upang magkaroon na ng kasintahan.

Lihim siyang napangiti at naalala si Kiel. Ito kaya ang inilaan ng Maykapal para sa kanya?

Nalungkot si Karen nang matapos ang misa nang araw na iyon. Tiningnan niya ang pinakalikod na upuan ng simbahan kung saan niya nakita si Kiel nang nagdaang araw. Wala ito ngayon.

Napabuntong-hininga siya dala ng pagkadismaya. Unti-unti na siyang naglakad palabas ng simbahan.

“Ako ba ang hinahanap mo?” anang isang tinig mula sa kanyang likuran.

Nilingon niya ang pinagmulan ng boses. Hindi niya napigilan ang mapangiti at napalundag ang puso niya sa tuwa nang mamukhaan kung sino ang nagsalitang iyon.

Si Kiel! He was wearing the same style of clothes he was wearing yesterday—long-sleeved shirt and a scarf.

“Ha? H-hindi kita hinahanap, 'no!” pagkakaila niya.

“Masamang magsinungaling. Nasa loob ka pa man din ng simbahan.”

Nag-init ang mga pisngi ni Karen. Batid niyang pinamulahan siya ng mukha. Hindi siya makatingin nang derecho sa lalaki.

“Wag ka nang magkaila pa. Ako rin naman... ikaw ang hinahanap ko kanina pa,” sabi ni Kiel, sabay ngiti.

Nahihiyang ngumiti siya rito. Inaya siya nitong kumain at pumayag siya.

Bumili sila ng puto bumbong at kape sa isang tindera na nakapuwesto sa ilalim ng puno ng narra malapit sa simbahan.

“O, Kiel, ngayon lang ulit kita nakita, ah,” bati ng babae sa kanila. Hindi pa naman ito masyadong katandaan.

“Kalalabas ko lang po ng seminaryo, Aling Stella. Christmas break lang po namin.”

“Ah, ganun ba? Sino naman ang magandang dilag na kasama mo?”

“Aling Stella, siya po si Karen, bago kong kaibigan. Karen... si Aling Stella, ang suki kong tindera dito sa simbahan.”

Kinamayan ng dalaga si Aling Stella. Malapad ang ngiting iginawad nito sa kanya. Nang matapos silang magkamay, nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanila ni Kiel na animo’y may gusto itong pakahulugan.

Marahil ay nahalata ng binata ang pagtingin na iyon ng tindera. “Aling Stella, kaibigan ko lang po talaga si Karen.”

“Okay. Sinabi mo, Hijo.”

Si Aling Stella ay isang maputi at matabang babae na palangiti sa lahat. Palagay ni Karen ay maraming

nababaitan dito. She was a jolly type of person.

Naupo ang dalawa sa isang mesita na inilaan ng tindera sa mga customers na gustong doon na mismo kumain at magkape.

“Ano’ng tinitinda ni Aling Stella kapag hindi Pasko?” usisa ni Karen.

“May-ari siya ng isang bake shop malapit dito. Doon ako madalas bumili ng tinapay kapag nakalabas ako ng seminaryo. Masarap ’yung inipit niya. The best!” kuwento ni Kiel.

“Napakasayahin niyang tao, ’no. Lagi siyang nakangiti habang nakikipag-usap sa customers,” puna niya.

“Oo nga. Alam mo ba, Karen, ang gaan ng loob ko rian kay Aling Stella. Mag-isa na nga lang siya sa buhay. Naikuwento niya sa akin na noong bagong panganak siya, iniwan siya ng asawa niya at ipinagpalit sa ibang babae. Ang masaklap pa, nawala ang sanggol pa lamang niyang anak sa di niya malamang dahilan,” pahayag pa nito.

“Baka kinuha ng asawa ni Aling Stella ’yung anak nila?”

“Iyun din ang palagay niya noong una. Pero nang

magkrus muli ang landas nila ng dati niyang asawa, nabatid ni Aling Stella na wala rito ang anak nila. Maraming taon na ang lumipas, ngunit hanggang ngayon ay hindi niya alam kung saan napunta ang anak niya at kung sino'ng kumuha rito."

Napatingin siya kay Aling Stella na papalapit na sa kanila upang i-serve ang order nilang kape at puto bumbong. Nakadama siya ng lungkot para rito. Sa likod pala ng ngiti ng tindera ay may natatagong pait ng nakaraan.

Mainit-init pa ang puto bumbong na isinilbi nito sa kanila. May mantikilya pa nga sa ibabaw niyon na unti-unting nalulusaw dala ng init ng puto bumbong.

Bago kumain, inanyayahan siya ni Kiel na magdasal muna ng pasasalamat sa pagkaing natanggap. Nakadama siya ng paghanga sa gawing ito ng lalaki. Nakasanayan na nito ang pagdadasal dahil sa seminaryo. Habang kumakain sila, kumuha ng tissue si Kiel at inangat ang kamay nito palapit sa kanyang bibig.

"May mantikilya ka sa bibig mo. Pupunasan ko lang," sabi nito, sabay punas sa kanyang mga labi.

Na-conscious tuloy ang dalaga habang kumakain dahil sa gesture nito. Pinilit niyang magsalita upang

hindi maging masyadong awkward sa pagitan nila

“Nagustuhan din ng Lola Agueda ko ang painting mo,” pagkukuwento niya ukol sa painting na ibinagay ng lalaki nang nakaraang araw. “Pakiramdam nga ng Lola, lumalakas siya kapag tinitingnan ang painting mong iyon. Malay mo ’yun pa ang makapagpabuti ng kalagayan niya,” dagdag niya.

“Magpasalamat tayo sa Diyos kung gan’un,” nakangiting tugon nito.

Mula sa simbahan ay maririnig ang pagtugtog ng mga kantang Pamasko.

“Alam mo bang ito ’yung mismong narra tree na nakalagay sa lumang ten-peso bill kung saan dati nakalagay ang *Barasoain Church*?”

Namangha si Karen sa sinabing iyon ng binata. She glanced at the narra tree in awe. May katandaan na pala ang punong iyon kung gayon. Ngunit nananatili pa rin itong matatag at nakatayo.

Naalala niya ang hitsura ng lumang ten-peso bill. Ito kasi madalas ang ibinibigay na baon sa kanya ni Nanay Deborah noong grade one pa lamang siya. Sa edad niyang iyon, malaking halaga na iyon para sa kanya dahil marami siya noong nabibili na tinapay at juice sa canteen ng eskuwelahan nila. Brown ang

kulay ng perang papel kung saan dati nakalagay ang larawan nina Apolinario Mabini at Andres Bonifacio.

Napatingala siya sa bubungan ng *Barasoain Church*.

“Ano ’yung tinitingnan mo doon?” takang tanong ni Kiel, sabay napatingin na rin ito sa bubong ng simbahan.

“Nagbabakasakali lang ako na baka makita ko rin ’yung pusa na nakalagay din sa drawing ng simbahan sa sampung piso.”

They both laughed heartily at Karen’s joke. At habang nagtatawanan sila, nagulat sila nang bigla na lang may orange na pusang tumalon sa mesa nila na nanggaling sa itaas ng narra tree. Napatayo sila palayo sa mesita. Napatili pa ang dalaga at dahil sa gulat, napayakap siya sa binata.

Tumakbo rin kaagad palayo ang pusa. Humingi ng paumanhin si Aling Stella sa kanila at nilinis nito ang mesita nila.

“Ayan, nakita mo na ang pusang hinahanap mo,” sabi ni Kiel.

At muli silang nagtawanan. Bigla, naging aware si Karen sa pagkakadikit nila ni Kiel. She felt the

warmth of his embrace. Her heart gave a little jolt of tingling. Tila ba hindi mawaring kilig ang nadama niya habang magkayakap sila.

Tiningnan niya ang mukha ng lalaki. Ito rin ay nakatingin sa kanyang mga mata. Para siyang malulunod sa titig nito.

And without warning, he kissed her.

Tinugon niya ang halik nito. And it was a total bliss. All was perfect for that special moment. The sweet scent of the chilling Christmas air, the sound of Christmas carols playing nearby, and the glowing Christmas lights around them.

It's the beginning of a new love. A love that started with a kiss under the old narra tree.

3

December 18...

Nagulat si Karen nang sa gate pa lang ng *Barasoain Church* ay nakaabang na sa kanya si Kiel. Nakakubli pa ang isang kamay ng lalaki sa likuran nito.

Nilapitan niya ito at nagulat siya nang bigla itong may ibinigay sa kanya.

“Bulaklak para sa ’yo...” anito.

It was a bouquet of white roses. Pagkabigay niyon sa kanya ay hinalikan siya nito sa pisngi. Karen felt like she was the luckiest girl in the world dahil sa ligayang nadarama nang mga oras na iyon.

Hinawakan ng binata ang kamay niya habang sabay nilang tinatahak ang daan papasok ng simbahan. Pinagtitinginan sila ng mga nakakasabay nila. Paano ay para silang nasa sagala dahil sa hawak na bulaklak ni Karen. Arko na nga lang ang kulang.

Habang nasa misa, taimtim siyang nagdasal. Pinasalamatan niya ang Diyos dahil sa pagdating ni Kiel sa kanyang buhay. Ngayon lang niya naranasan

ang ganitong labis na kasiyahan na kasama sa pagsisimba ang lalaking sa maikling panahon ay nagkaroon na ng puwang sa kanyang puso.

Nakangiting tinitingnan sila ni Aling Stella nang muli silang kumain sa puwesto nito pagkatapos ng misa nang umagang iyon. Nasaksihan nito ang halikan nila nang nagdaang araw at halatang kinikilig ito para sa kanila.

“Nand’yan ulit ’yung pusa sa itaas ng narra. Baka tumalon ulit,” biro pa nito sa kanila bago i-serve ang order nilang bibingka at kape.

Nang matapos silang kumain, naglakad sila papunta sa gate palabas ng simbahan.

“Gusto mo bang mamasyal?” tanong ni Kiel sa kanya.

Matagal nang gustong mamasyal ni Karen sa buong Malolos, ngunit hindi niya mayaya ang kuya niya dahil tinatamad itong samahan siya. Sa halip ay nakikipaglaro lang ito ng basketball sa mga lalaking pinsan.

May usapan naman sila ng pinsan niyang si Jenina na ipapasyal siya nito, ngunit walang katiyakan kung kailan dahil hindi pa nito Christmas break sa eskuwela. At sinabi pa nito sa kanya na

kung sakaling ipasyal siya nito ay isasama nito ang boyfriend na isa ring Nursing student. She didn't like that arrangement dahil batid niyang maa-out of place lang siya sa mga ito.

"I'd love to," nakangiting tugon niya.

Pumito ang binata. At namangha siya nang makita niyang lumapit ang isang kalesa at tumigil iyon sa harapan nila.

Inalalayan siya ni Kiel na makaakyat sa kalesa. Riding in a horse carriage is like a fairy tale come true. At that moment, Karen felt she was in Cinderella's shoes.

Nilibot nila ang mga kalye sa Malolos na puwedeng daanan ng kalesa. Si Kiel ang nagsilbing tour guide niya. Nagkuwento ito ng historical background ng mga lugar na dinadaan nila.

Napadaan sila sa Camestisuhan District. Animo'y nagbalik sa panahon ng mga Kastila ang pakiramdam ni Karen dahil sa mga mala-Hispanic architecture ng mga bahay roon. She was awestruck by the line of Hispanic ancestral houses. Napadaan sila sa *Bautista Mansion* at sinabi ni Kiel na doon nakalagak ang orihinal na bandila ng KKK.

Sa likod ng *Bautista Mansion* ay ang marangyang

Adriano House na ngayon ay tanggapan na ng *Meralco*. Punong-puno ng Christmas lights ang *Adriano House* at may banner na nakalagay na *Ngayong Pasko magniningning ang Malolenyo*.

Dumaan din ang kalesa nila sa *Minor Basilica of Our Lady of Immaculate Conception*, mas kilala sa tawag na *Malolos Cathedral*, kung saan nakatanim ang Kalayaan Tree. Ayon kay Kiel, itinanim daw ito ni Emilio Aguinaldo noong panahon ng Kastila.

“Ang galing, hanggang sa Malolos may impluwensya si Aguinaldo. Magagaling talaga kaming mga Caviteño,” may pagmamalaking sabi ng dalaga.

“Ehem... ehem. Mas magaling yata kaming mga Malolenyo.”

“Sige nga. Dahil kilala ang mga Caviteño at Malolenyo na mga bihasa sa wikang Tagalog, tayo’y magkaroon ng tagisan ng wika upang patunayan kung sino ang talagang magaling.”

“O sige. Kumpletuhin mo ang salawikain na ito: Ang sakit ng kalingkingan...”

“Ang dali naman niyan. Ang sakit ng kalingkingan... kailangan ng *Alaxan!*”

Napakamot ito ng ulo habang napapangiti sa

sagot niya.

“Ako naman ang magtatanong: Kapag maikli ang kumot...”

“Hindi na kumot ’yon... bimpo na ’yon,” anito.

Nagtawanan sila sa mga kalokohan nilang salawikain.

Masaya ang naging asaran at kuwentuhan nina Karen at Kiel during that kalesa tour around the city. Kapwa sila nagpalitan ng jokes. Kahit ang kutsero ay nakitawa sa kanila.

“Kiel, maraming salamat,” aniya pagdaka.

Hinawakan nito ang kamay niya, sabay titig sa kanyang mga mata.

“Karen, I’m happy na magkasama tayo ngayon. The first time I set my eyes on you, may kung anong nadama ang puso ko sa ’yo na hindi ko nadama kahit kailan. Hindi ko alam kung ano’ng meron ka basta alam ko, you have a special space in my heart. How I wish this moment would never end. Pero sana maintindihan mo ako... after this Christmas break, babalik ako ng seminaryo.”

Ang galak na nadarama ni Karen nang mga oras na iyon ay biglang napalitan ng kalungkutan.

Maghihiwalay rin sila. Tutuloy ito sa seminaryo at siya naman ay uuwi sa kanila sa Cavite.

Kapwa sila natahimik. Tanging ang tunog lang ng mga paa ng kabayo na naglalakad sa daan ang kanilang naririnig.

“So, ano tayo ngayon?” tanong niya upang basagin ang katahimikan.

“Hindi ko rin alam. Basta ang alam ko, espesyal ka sa akin,” masuyong sabi nito.

Naiintindihan niya ang binata. Pareho lang din silang masasaktan sa bandang huli kung mag-co-commit sila ngayon sa isa’t isa. Kiel’s top priority in life was his relationship with God and not his budding relationship with her. At hindi rin naman niya handang tanggapin ang sakit ng kanilang pagkakalayo sakali mang umuwi na silang pamilya sa Cavite.

Pinisil nito ang kanyang kamay at pinilit na ngumiti upang pagtakpan at pawiin ang kalungkutang bumalot sa kanilang dalawa. Nginitian na rin niya ito.

Muling bumalik ang kalesa sa Paseo del Congreso at tumigil sa tapat ng ancestral house ng lola ni Karen.

“Baka gusto mo munang pumasok?” aya niya.

“Sa ibang araw na lang siguro. Bukas ulit,

timbang gabi tayo?”

Tumango lang siya. Tiningnan niya si Kiel sa mga mata na para bang gusto niyang ipahiwatig dito na: *“Huwag ka nang magseminaryo... Let’s take this relationship of ours to the next level.”*

Masuyo nitong hinawakan ang kanyang pisngi at dahan-dahang inilapit ang mga labi nito sa mga labi niya. Napapikit siya at naramdaman niya ang init ng hininga nito. Gapiso na lang ang distansya ng kanilang mga labi...

“Karen!” sigaw ng isang tinig.

Kapwa sika nagulat at itinigil ang dapat sana nilang gagawin. Nilingon niya ang pinanggalingan ng boses.

“Jenina, ikaw pala.”

“Nakita ko kasi mula sa veranda ’yung kalesa, kaya bumaba ako para tingnan kung sino ang sakay. Ikaw pala,” nakangiting sabi nito.

At napansin niyang panay ang sulyap nito kay Kiel.

“Siyanga pala, Kiel, siya si Jenina, pinsan ko. Jen, siya naman si Kiel... k-kaibigan ko,” pakilala niya sa dalawa.

“Kaibigan daw...” may pang-iintriga na saad ni Jenina.

“Oo nga. Magkaibigan lang kami,” pagpupumilit niya.

“Eh, kanino galing ’yang mga bulaklak na hawak mo ngayon?”

Nagkatinginan na lang sina Kiel at Karen at nagngitian sa isa’t isa.